Dati

Sam Concepcion

Datirati sabay pa nating pinangarap ang lahat
Umaawit pa sa hangin at amoy araw ang balat
Naaalala ko pa non nag-aagawan ng nintendo
Kay sarap namang mabalikan ang ating kwento

Lagi-lagi ka sa amin dumidiretso pag-uwi
Maglalaro ng tao-taong piso-pisong nabili
Umaawit ng theme song na sabay kinabisa
Kay sarap namang mabalikan ang alaala

Ikaw ang kasama buhat noon
Ikaw ang pangarap hanggang ngayon

Di bat ikaw nga yung reyna at ako ang iyong hari
Ako yung prinsesang sagip mo palagi
Ngunit ngayoy marami ng nabago't nangyari
Ngunit di ang pagtingin na gaya pa rin ng
Dararatda dati
Dararatda dati
Dararatda dati
Na gaya pa rin ng...

Datirati ay palaging sabay na mag syesta
At sabay rin gigising alas kwatro y medya
Sabay manunuod ng paboritong programa
O kay tamis naman mabalikan ang alaala

Di bat ikaw nga yung reyna at ako ang iyong hari
Ako yung prinsesang sagip mo palagi
Ngunit ngayoy marami ng nabago't nangyari
Ngunit di ang pagtingin na gaya pa rin ng

Datirati ay naglalaro pa ng bahay-bahayan
Gamit-gamit ang mantel na itinali sa kawayan
At pawang magkakalaban pag nag tataya-tayaan
Pero singtamis ng kendi pag nagkakasal-kasalan
Diba dati ay nagkukunwaring Marvin at Jolina
Minsan ay tambalang Mylene at Bojo Molina
Ang sarap sigurong balikan ng mga alaala
Lalo na't kung magkayap mga bata't magkasama at

Parang Julio at Julia lagi tayong magkasama
Sabay tayong umiiyak pag inaapi si Sarah
Una kang kinakatok sa pagsapit ng umaga
Sana mabalik pa natin ating pagsasama

Di bat ikaw nga yung reyna at ako ang iyong hari
Ako yung prinsesang sagip mo palagi
Ngunit ngayo'y malayo ka't malabong mangyari
Ang aking pagtingin
Oh ibulong nalang sa hangin
Pangarap na lang din (pangarap na lang din)
Na gaya pa rin ng...

Dararatda dati
Dararatda dati
Dararatda dati

Na gaya pa rin

Dararatda dati
Dararatda dati
Dararatda dati
Na gaya pa rin ng...

Ng dati

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!